

# Prologue

*V*alentine's Day, 2010...

Gumala ang tingin ni Daniel mula sa mukha niya pababa sa simpleng bestidang suot niya hanggang sa sandals, paitaas muli sa kanyang mukha. "Wow."

Naramdaman ni Diwata na nag-init ang kanyang mga pisngi. "Salamat," nasagot lang niya. Hindi na niya nagawang batiin ang hitsura nito, pero siguro halata naman sa kanyang expression na nagustuhan din niya ang ayos ng nobyo.

*Lihim* na nobyo.

Eksaktong isang taon na silang sikretong magkarelasyon.

Sigurado kasing hindi magugustuhan ng kanyang mga magulang kapag nalaman ng mga itong may unawaan na

silang isa sa mga trabahador ng ama sa palaisdaan.

“Tara na?” untag ng nabanggit na trabahador, nakalahad ang isang kamay sa kanya.

Ngumiti si Diwata. Bagaman simpleng polo at maong ang suot ni Daniel, mukha itong Prince Charming lalo na sa lawak at tamis ng ngiti nito na isa sa pinakagusto niyang mga bagay ukol sa lalaki. Moreno ito dahil madalas nasa arawan ang trabaho, matangkad, medyo payat, maganda ang mga mata lalo kung nakangiti.

At hindi lang ito guwapo; mabait din ito, matalino kahit high school lang ang natapos, maka-Diyos, magalang, masipag, mapagmahal sa pamilya, matulungin, maunawain. He was everything she could ever wish for a boyfriend. She was so proud to be his girl.

Lumaki si Daniel sa maliit na bayang iyon ng Sta. Catalina, pero siya ay hindi. Lumipat lang siya rito nang maghiwalay ang kanyang mga magulang. Nagkakilala sila two years ago, at naging magkaibigan. Nang maging sila officially nang nakaraang taon, minabuti nilang ilihim muna ang relasyon.

Si Daniel actually ang may gusto ng secret love affair chenes na iyon, wala pa raw kasi itong maipagmamalaki kaya nahihiya sa mga magulang ni Diwata. Sumang-ayon na lang siya kahit ang gusto niya ay ipagsigawan sa lahat na boyfriend niya ang pinakaguwapo at pinakamasipag na binata sa bayan nila.

Kung nakikita lang sana ng mga magulang niya kung gaano ka-awesome na tao si Daniel, wala sanang kokontra sa kanila.

Ngayong gabi, palihim silang magtutungo sa Valentine pasayaw sa kabilang bayan. Walang gaanong nakakakilala sa kanila roon, kaya doon sila parati nagkikita at nagde-date. Walang magsusumbong sa tatay niya.

Ilang minuto lang, naroon na sila sa venue ng sayawan. Puno ng ilaw ang basketball court na pinalibutan ng mga dahon ng saging at niyog bilang pangkulong. Maraming mesa at silyang nakaayos sa palibot ng court habang iniwang maluwag sa gitna para maging dance floor. Magaganda sa mata ang mga bulaklak at lobong hugis-puso sa palibot. Simple pero romantiko. Parang si Daniel niya lang.

Agad siya nitong niyayang sumayaw at pakiramdam ni Diwata ay silang dalawa lang ang naroon. She only had eyes for Daniel at alam niyang ganoon din sa kanya ang nobyo.

Mayamaya ay pinatugtog ang theme song nila na *I Will* ng *Beatles*.

“Ni-request mo ba ’yun?” gulat na tanong niya sa kasayaw.

“Hindi, ah. Baka nahulaan lang ng DJ na paborito natin ’yan.” Nakangiti ang nobyo kaya alam niyang biro lang iyon.

Mahinang sinabayan niya ang awitin habang nakasandig sa binata.

Pagkatapos ay bumulong ito, “Happy first anniversary.”

Ngumiti si Diwata. “Isang taon na pala tayo, bakit pakiramdam ko kahapon lang ’yun?”

“Ibig mong sabihin, di ka makapaniwala na isang taon na mula n’ung sinagot kita?” biro nito.

“Mukha mo.” Natawang piningot niya ang tainga nito.

Iyon ang running joke nila noon pa: na siya ang nanligaw rito. Hindi naman iyon masyadong totoo, siyempre.

“Oy, hindi kita niligawan, Daniel Falcon.”

Tumawa ito; makulit ang expression sa mukha. She liked it when he’s playful like this. Sa hirap ng buhay ng pamilya nito, sa sakit na dahilan kung bakit nakaratay ang ama nito, sa bigat ng responsibilidad na nasa balikat nito, bihirang umakto nang ganito si Daniel. Kahit hindi nito binanggit, sigurado si Diwata na hindi talaga nito naranasang maging masayang bata.

“More like kinulit lang kita,” depensa pa rin niya.

“Okay. So sinundan-sundan mo ako, kinausap kahit hindi ako interasado sa mga pinagsasabi mo, pinagkuwento kahit alam mong hindi ako palasalita,” anito. “Hanggang sa naging magkaibigan na tayo dahil nagsawa na ’kong itaboy ka at nasanay na ’ko sa kakulitan

mo.”

Binelatan niya ito. “Or irresistible lang talaga ang charm ko, kaya hindi mo na nakayanan at bumigay ka rin.”

Maiksing tumawa si Daniel. “Tama. Ang hirap pigilang mahalina ka.” Tumitig ito sa kanya, hanggang sa mawala ang ngiti at seryoso na ang ekspresyon. Itinaas nito ang isang kamay at inihaplos sa pisngi niya. “Hindi ko alam kung ano ang ginawa ko para maging ganito kabait sa akin ang Diyos. Binigay ka Niya sa akin.”

Ngumiti si Diwata; naramdaman ang tuwang nagsisimulang umapaw sa kanyang puso nang sandaling iyon. “Siguro gusto Niyang sumaya ka. Masyado ka raw kasing seryoso sa buhay kaya ’eto, binigyan ka ng entertainment.”

“Hindi ka entertainment lang.” Seryoso pa rin ito. “Kung di kita nakilala, baka ni hindi ako marunong ngumiti. Baka galit ako sa mundo at hindi ko mararanasan ang ganito. Ikaw ang kaligayahan ko... ang bukod-tanging maganda sa buhay ko.”

Kung naiba-iba ang sitwasyon, tatawa si Diwata nang malakas. Ang poetic naman kasi ng boyfriend niya. Pero sinsero si Daniel. Hindi nito nabasa lang kung saan ang sinasabi nito, alam niya—sigurado siya—na bukal iyon sa puso ng kaharap.

“Hindi mo alam kung gaano ako nagpapasalamat sa Diyos araw-araw dahil ako ang pinili mo, Di, sa dami ng

manliligaw mo. Mahal na mahal kita.”

Kumurap siya para pigilan ang pamumuo ng luha sa mga mata at tumikhim para maalís ang bara sa lalamunan niya. “Mahal din kita, Daniel.”

Marahang hinalikan nito ang noo niya at kusang namigat ang kanyang mga talukap para damhin ang init niyon. Bumuntong-hininga ito. “Parang hindi ko na kayang mabuhay nang wala ka.”

“S’an ba ’ko pupunta at ganyan ka magsalita?” Natawa siya pero nanatiling seryosong nakatitig sa kanya ang kasintahan.

Sa tulong ng malamlam na mga ilaw at ng liwanag ng buwan, kita niya ang mukha ng binata. Hindi perpekto ang mukhang iyon, oo—medyo balikong ang ilong, parang mas pambabae ang mga mata—but to her, it was perfectly imperfect. Perfect for her.

“Kung ako lang, gusto na kitang pakasalan. Ngayon na.”

Kinilig si Diwata at saka nagbiro, “Puwede naman ngayon. Eighteen na ’ko, legal age na.”

Namilog sa excitement ang mga mata ng nobyo. “Papayag kang magpakasal sa akin?”

Nakangiting kinunotan niya ito. “Oo naman! Kasasabi ko lang na mahal kita, di mo ba narinig?”

“Pero...” Yumuko ito na parang nahihiya. “Hindi kasi ako kagaya ng iba mong manliligaw, Di. Wala ako kahit

kotse-kotsehan, wala kami kahit isang isda—”

“Importante ba ’yun?”

He sighed. “Pinalaki ka ng mga magulang mo sa maganda at komportableng buhay. Gan’ong buhay ang karapat-dapat sa kagaya mo.”

Pinaikot ni Diwata ang bola ng mga mata. “Kung magsalita ka naman, akala mo milyonaryo ang mga magulang ko. Hello, palaisdaan lang ang meron kami. Hindi kami mga doña at don dito.”

“Masyado pa ring malayo ang estado ng mga buhay natin. Trabahador ako, anak ka ng nagpapatrabaho; hindi pa rin tayo bagay.”

Sumeryoso si Diwata at kinabahan nang may maisip. “Daniel, what are you trying to say? Nakikipag-break ka na ba sa akin?”

“Ano! Break?” gulat na ulit nito. “Hindi, Di. Ano ka ba, bakit ako makikipag-break, ikaw nga lang ang bukod-tanging maganda sa buhay ko?”

Nag-init ang kanyang mga mata kasabay ng nanginginig na tawa.

Tumikhim ito bago tuluy-tuloy na nagsalita, “May ninong akong huwes. Diyan lang sa kabilang baryo ang bahay. Nagkakasal siya. At malamang hindi niya naman ako sisingilin ng kahit ano dahil pitong Pasko niya akong di inaginalduhan noon.”

Kunot-noong pinagmasdan niya ang kasintahan sa

loob nang ilang sandali bago niya naunawaan ang ibig nitong sabihin. “Sinasabi mo bang... tayo? Ngayon? Ngayon na mismo?”

Tumawa ito. “Ano nga ba ’yung sinasabi sa pelikula...” Tumikhim ito ulit. “Will you marry me, Diwata? Tonight?”

Natatawang niyakap niya ang lalaki. Hindi perpekto ang pagbigkas nito ng Ingles, pero ano ngayon? Ang importante, alam niyang totoo sa loob nito ang mga salitang iyon. Basta mahal niya ang taong ito. “Yes, Daniel. I will marry you.”

Malakas itong humalakhak saka yumuko para bigyan siya ng matunog at mabilis na halik sa labi. “Tayo na!”

Bitbit ang kumpol ng gumamela at mumurahing teddy bear na ibinigay ni Daniel sa kanya, puno ng excitement at bumubungisngis sila habang paalis sa pasayaw. Hindi na sila makapaghintay na humarap sa huwes at manumpang mamahalin nila ang isa’t isa habang buhay.

Siniguro nilang walang nakakita sa kanila na kakilala. Pero hindi nila napansin na may isang pares ng matang kanina pa nakasunod sa kanilang mga galaw.



“Maaari mo nang halikan ang iyong asawa,” sambit ni Judge Anacleto Cordero kay Daniel sa pagtatapos ng pinaiksing seremonya ng kanilang kasal.



Matamis silang nagngitian ng bago niyang asawa saka mabagal na gumalaw para pagtagpuin ang kanilang mga labi. She smiled against his sweet lips. Punung-puno ng tuwa ang kanyang puso. Lihim man ang kasal nila at ang ninong lang ni Daniel at iyong dalawa nitong empleyado ang nakasaksi, walang pagkukumparahan ang okasyon na iyon.

“I love you, Daniel,” sambit ni Diwata habang mariing nakayakap sa lalaki.

Tumawa ito. “Kung nananaginip na naman ako ngayon, sana wala munang gumising sa akin. Sa susunod na linggo na lang.”

Natawa rin siya. “Hindi ka nananaginip, ano ka ba.”

Ikinulong nito sa mga kamay ang kanyang mukha. “Mahal na mahal kita. Ihahatid kita sa inyo, kakausapin natin ang mga magulang mo at sasabihin natin sa kanila ang—”

“Anong kalokohan ito?” Naputol ang sasabihin ni Daniel nang sumulpot ang ama ni Diwata sa pinto ng opisina ni Judge Cordero.

Malaking tao ang tatay niya at sa galit sa mukha nito, kahit sino ay matatakot. Nakaalsa maging ang mga ugat sa leeg ng ginoo at namumula ang mukha.

“Anong katangahan ’tong ginawa mo, Diwata?”

“Papa....” Mas malakas pa yata ang kabog ng dibdib niya kaysa sa sarili niyang boses.

“Kung di pa kayo nakita ni Ben, hindi ko pa malalaman ’to,” tukoy nito sa isa pa nilang trabahante sa palaisdaan.

“Nagmamahalan po kami, Sir,” sambit ni Daniel, dahilan kaya lumingon dito si Mr. Rene Buencamino. Akmang pipitserahan ito ng kanyang ama, kaya agad siyang humarang sa mga ito.

“Papa, huwag please. Mahal ko po siya!”

“Diwata!” asik ng nakatatandang lalaki. “Ang bata-bata mo pa para masigurong totoo ngang pagmamahal ’yang nararamdaman mo. Ni hindi ka pa nakakatapos ng pag-aaral! Paano ang kinabukasan mo?”

Bumalong ang luha niya. Bakit ba walang tiwala sa kanya ang ama? “Sigurado na ako, Papa, please.”

“At ano’ng ipapakain niya sa ’yo? Ni wala siyang pambili kahit maayus-ayos na sapatos para sa kasal-kasalan ninyo.”

Napatungo si Diwata at nakitang nakasuot ng manipis na tsinelas si Daniel. Sa pagkatanda niya, iyon iyong may butas na sa bandang sakong pero isinusuot pa rin nito. Nasaktan siya para sa asawa na ngayon ay nakayuko na parang liit na liit sa sarili.

“Papa!” Sa unang pagkakataon, gusto niyang saktan ang ama. Bakit ang sama ng ugali nito ngayong gabi? Hindi ito kailanman naging mapangmata sa kapwa. Iyon din ang itinuro nito sa kanya mula noong bata pa siya.

“Bakit hindi ko alam na magnobyong pala kayo? Bakit kailangan ninyong isikreto ang relasyon ninyo? Di ba dahil alam ninyong hindi ako papayag sa kalokohang ‘to?” Bumaling ito kay Daniel. “Dahil alam mong hindi ka nababagay sa kanya, di ba?”

“Tama na, Pa!” asik niya, umiiyak na. “Nagagalit na talaga ako sa ‘yo. Huwag mong ganyanin si Daniel, mabuti siyang tao.”

Malungkot na ngumiti ang tatay niya. “How could you do this to me? You disappointed me, Diwata.”

Naramdaman niyang bumalong pa ang kanyang luha.

Certified papa’s girl siya mula noon pa. Nang maghiwalay ang kanyang mga magulang, walang pagdadalawang-isip na pinili niyang sumama kay Rene Buencamino. Kaya nga narito siya sa Sta. Catalina at wala sa Maynila kasama ang ina. Mahal niya ito at nasasaktan siya dahil alam niyang nasaktan niya ito.

“I’m sorry, Pa. Pero mahal ko po talaga si Daniel at asawa ko na po siya.”

Tumalim muli ang mga mata ng kanyang ama. “Kalokohan! Eighteen ka lang, ano’ng malay mo sa mahal-mahal na ‘yan?” Hinila siya nito bago pa siya makapagreklamo. “Ipapadala kita sa Maynila ngayong gabirin. Bahala ang nanay mong magpatino sa ‘yo.” Lumington ito kay Daniel. “At ikaw, huwag ka nang bumalik sa palaisdaan bukas. Ayaw na kitang makita kahit kailan.

Hindi ka nababagay sa anak ko, kaya 'wag ka nang lalapit sa kanya ulit." Nilingon nito si Judge Cordero. "Walang kasalang nangyari ngayon. Siguruhin mong walang papeles na mapapasa sa munisipyo tungkol sa kalokohang ito."

Mahigpit na hinila siya nito sa braso. Nilingon ni Diwata ang kanyang asawa.

"Daniel!" tawag niya.

Tumango ito kahit puno ng kapighatian ang mukha. "Mahal kita. Hahanapin kita. Pangako."

Humahagulgol na nagpatangay si Diwata sa ama patungo sa pickup truck nito, palayo sa lalaking pinakamamahal niya.

